TOMO 9 BILANG 2 | ISSN NO. 2599-5405 | PEBRERO 2022

# SULONG

ANG PAHAYAGANG PANGKAUNLARAN NG CARD MRI

# KONEK2CARD, UMABOT NA SA 2 MILYONG USERS NGAYONG Q1

*ni Maria Czarina Sanigan*



*Bilang isang konek2CARD agent sa San Pablo City, tinutulungan ni Merel Panganiban ang kanyang kababayan na mag-cash-in, cash-out, at magbayad ng kanilang bills. Isa si Merel sa mahigit dalawang milyong registered users ng konek2CARD.*

Sa patuloy na kampanya nito na palakasin ang *financial inclusion* sa bansa, naabot na ng konek2CARD ang dalawang milyong rehistrado noong Pebrero 12, 2022.

Ang konek2CARD ay isang *mobile banking application* na ginagamit ng mga kliyente ng CARD Bank, CARD SME Bank, CARD MRI RIZAL BANK, at ngayon, CARD, Inc. (A Microfinance NGO) upang maakses ang kanilang mga *financial transactions* kahit saan man sila naroroon.

Sa pamamagitan ng konek2CARD, madali nang masusuri ng mga kliyente ang kanilang balanse, mabayaran ang kanilang *bills* at *loan payments*, bumili ng *e-load*, at maglipat ng mga pondo sa ilang pagpindot lamang sa kanilang mga *android phone*. Ang serbisyong *cash-in* at *cash-out* ay posible rin sa pamamagitan ng konek2CARD agents na estratehikong itinalaga sa mga barangay.

Binigyang-diin din ni CARD SME Bank President and CEO Cynthia B. Baldeo na siya ring tagapanguna ng konek2CARD ang papel ng Account Officers at konek2CARD

2

## BAGONG ULAT

### CARD MBA, BINUKSAN ANG IKAW-79 NA PROVINCIAL OFFICE NITO

*ni Victor Angelo Aranza*

Matapos makilahok sa kamakailang National Microinsurance Forum noong Enero, ang

2

## KWENTONG EDUKASYON

### CMDI, NAGDIWANG NG IKAW-22 ANIBERSARYO NG PAGHAHATID NANG MAHUSAY NA EDUKASYON

*ni Victor Angelo Aranza*

Noong Pebrero 14, 2022, ipinagdiwang ng CARD-MRI Development Institute Inc. ang ika-22 anibersaryo nito na may temang,

3

KWENTONG TAGUMPAY
PAMILYA'T TAHANAN 4
ni Victor Angelo Aranza

KWENTONG EDUKASYON
PAMANANG HINDI MAAAGAW NINUMAN 3
ni Lynfa Tan

Basahin ang isyung ito upang manalo ng ₱50.00 load via konek2CARD!

**Kailan umabot ng 2 milyong rehistradong user ang konek2CARD?**

Ikomento ang inyong kasagutan sa aming KOAderno post sa aming official facebook page @PublishingHouseInc.



# KONEK2CARD, UMABOT NA SA 2 MILYONG ...

agents na patuloy na nagsusulong ng mga benepisyo ng konek2CARD sa mga kliyente nito. "Ang tagumpay ng konek2CARD ay bunga ng pagsusumikap at pagtitiyaga ng ating *economic frontliners,"* ani Baldeo.

**Tanda ng Tagumpay**

Dahil dito, kinilala rin ni CARD MRI Managing Director Aristeo A. Dequito ang pagsisikap ng mahigit 17,000 konek2CARD agents noong Pebrero 2022. "Sa tulong ng aming konek2CARD agents, na malugod na nakikipagtulungan sa aming MFIs at gumaganap ng mahalagang papel sa kanilang komunidad, lalo kaming umaasa na abot-kamay na namin ang aming layunin na ilapit ang aming mga serbisyong pananalapi sa aming mga kliyente sa bawat sulok ng Pilipinas," pahayag niya. Ang dalawang milyong tagumpay na ito ang nag-udyok sa CARD MRI na ipagpatuloy ang misyon sa paglilingkod sa mga komunidad gamit ang mga digital na serbisyong pampinansyal. Inaasahan nitong maaabot ang marka ng 3.5 *million users* sa Hunyo 2022.

# CARD MBA, BINUKSAN ANG IKAW-79 NA ...




*Inanunsyo ni CARD MBA Senior Deputy Director for Operations na si Oliver Reyes (ikaapat mula sa kaliwa) na ang bagong provincial office ang kauna-unahang maghahanda para sa Paglambo Program. Ang pagbubukas nito ay simbolo ng pag-unlad para sa ating mga kapatid na Muslim. Kasama niya sina (mula sa kaliwa pakanan) CARD, Inc. Regional Director Arlo Von Subrean, CaMIA Senior Marketing Manager Isabelo Tayaba, Jr., CaMIA Partner Relation Officer Jonalyn Ariza, MBA Coordinator Norma Ganados, Microinsurance Supervisor Cynthia Alba, CARD MBA Deputy Director for Operations - OIC Janicekith Navera, at Cluster Manager-OIC Jovani Retobalde.*

CARD Mutual Benefit Association (CARD MBA) ay patuloy na nagbibigay ng abot-kayang seguro sa pamamagitan ng pagbubukas nito ng ika-79 na Provincial Office (PO) noong Pebrero 14, 2022, sa Lungsod ng Cotabato.

Ang unang PO na binuksan ay naglalayong maghatid ng mga produkto ng CARD MBA at CARD Pioneer Microinsurance Inc. (CPMI) sa mga miyembro at kliyente nito upang isulong ang layunin ng mga institusyon na magkaroon ng *nationwide financial inclusivity* at makapagseguro ng milyon-milyong buhay.

Binuksan ang tanggapang ito upang magsilbing lugar ng transaksyon para sa mga miyembro ng CARD MRI, mga kliyente, at mga kawani, upang mas mapaglingkuran sila nang mahusay. Para sa mga MBA Coordinator, na nagsisilbing tulay ng samahan sa mga miyembro nito, maaari silang magsumite ng *insurance claims* at *validated claims* sa tanggapan para sa mas mabilis na pagproseso. Layunin nitong makamit ang "8-24 settlement strategy" ng CARD MBA na naglalayong maibigay ang *claim* ng isang miyembro sa loob ng walo hanggang 24 na oras matapos ang pagsusumite ng karampatang dokumento.

Ang mga miyembro ay maaari ding magtungo sa PO upang makuha ang kanilang *claim*, at upang makapagtanong at makapag-avail din ng iba pang mga produkto tulad ng Family Security Plan para sa karagdagang benepisyo at Remitter Protek Plan para sa mga miyembro ng *center* na naatasang maghatid ng kanilang mga koleksyon sa mga opisina ng CARD.

Sa mensahe ni CARD MBA Chief Executive Officer Jocelyn D. Dequito, muli niyang iginiit ang kahalagahan ng pagtatatag ng mas maraming PO sa Pilipinas. "Naglalayon kaming mailapit sa aming mga miyembro ang aming mga serbisyo at mas mapabilis ang pagproseso ng kanilang *claim*. Isa rin itong pagkakataon para sa ating *microfinance operations* na mailapit ang ating mga serbisyo, tulad ng Paglambo Program, sa ating mga miyembro at kliyente," ani Dequito.

Ang Paglambo Program ay isang *Shari'ah-inspired microfinance program* ng CARD, Inc. (A Microfinance NGO) para sa mga kliyenteng Muslim ng CARD, na nagsusulong ng *financial inclusivity* alinsunod sa mga batas at tradisyon ng Islam.

Matatagpuan ang bagong tanggapan sa Block 5, Loro St., Federville Subdivision, Cotabato City. Ang PO ay maghahatid ng serbisyo sa kabuuang 24 na *unit*, kung saan may halos 33,393 kliyente ng CARD, Inc. Ito rin ang una sa limang nakaplanong buksan na tanggapan para sa taong 2022. Para malaman ang higit pa tungkol sa CARD MBA, bisitahin lamang ang kanilang *website* sa www.cardmba.com o ang kanilang *facebook page*, @CARDMBAOfficial.

## KWENTONG EDUKASYON



*Pagsuporta ang ibinibigay ni Karen Reyes sa kanyang panganay na si Karl Rafael upang abutin ang kanyang pangarap.*

### PAMANANG HINDI MAAAGAW NINUMAN

***ni Lynfa Tan***

Naniniwala si Karen Reyes na ang edukasyon ay isang kayamanang hindi maaagaw ninuman. Ito ang nag-udyok sa kanya upang matiyak na makapag-aaral ang kanyang mga anak sa pinakamahusay na paraan sa kabila ng pandemya.

Upang makamit ito, ginampanan ni Karen ang pagiging konek2CARD agent sa CARD Bank Pili Branch, habang nagtitinda siya ng kikiam, fishball, at siomai sa labas ng kanilang tahanan. Ang kanyang asawa naman ay nagtatrabaho sa isang *sugar mill* malapit sa kanilang bayan sa Camarines Sur. Magkasama silang nagsusumikap upang matustusan ang mga pangunahing pangangailangan ng kanilang mga anak. Gayunpaman, aminado sila na hindi sapat ang kakarampot nilang kita mula sa maliit nilang negosyo.

Upang masolusyunan ang suliranin, naging kliyente si Karen ng CARD Bank. Natulungan sila nito na magkaroon ng akses sa produktong pampinansyal kabilang na ang programang Zero Dropout Program, isang *low-interest educational loan* ng CARD MRI.

Sa tulong nito, natustusan ni Karen ang gastusin sa pag-aaral ni Karl Rafael. Ang *loan program* na ito ng CARD ang katuwang niya simula nang tumuntong ng elementarya ang kanyang anak. Sa kabutihang-palad, may mga tao ring handang tumulong sa kanya tulad ng pagbabahagi ng Wi-Fi *connection* upang masuportahan ang *online* na pag-aaral ni Karl Rafael. Alam ni Karen na makakamit ng kanyang anak ang pangarap nitong maging pulis sa hinaharap.

### CMDI, NAGDIWANG NG IKA-22 ... 1

"Turning Challenges into Opportunities: CMDI Digitization in Education."

Ito ay magpapatuloy na gagawa ng paraan upang makapagbigay ng dekalidad na edukasyon at pagsasanay para sa mga estudyante at komunidad na pinagsisilbihan nito kahit pa sa gitna ng pandemya.

Kinilala naman ni CARD MRI Founder and Chairman Emeritus Dr. Jaime Aristotle B. Alip ang debosyon ng mayroon ang mga kawani ng CMDI. "Ang pangako ay maaaring mabasag ngunit ang debosyon ay pagbibigay ng serbisyo nang walang pag-iimbot. Sa debosyon, kumikilos tayo dahil may mahusay tayong layunin. Ito ang debosyong ipinapakita ng mga CMDI staff — puno nang pagmamahal, at isang regalo para sa mga miyembrong pinagtutuunan ng lakas ng organisasyon. Kaya naman, nalalagpasan natin ang kahit na anumang unos at balakid sa ating misyon."

Simula nang maitatag noong 2000, ang CMDI ang nagsilbing silid-sanayan ng mga kawani at kasapi ng CARD MRI. Tinutulungan din ng institusyon na humubog ng mga bagong lider na magdadala ng pagbabago sa kanilang komunidad sa pamamagitan ng pagpapalakas sa kanila sa tulong ng mga pagsasanay at edukasyon.

SULONG ANG PAHAYAGANG PANGKAUNLARAN NG CARD MRI
EDITORIAL BOARD
Dr. Jaime Aristotle B. Alip
Aristeo A. Dequito Marilyn M. Manila
Editorial Advisers
Dr. Edmund G. Centeno
Editor-in-Chief
Cyrene Grace DC. Lubigan
Managing Editor
Jeffrey C. Tandingan
Associate Editor
Albert A. Dayag
Ervin M. Calabia
Layout Artists
Maria Czarina D. Sanigan
Victor Angelo U. Aranza
Lynfa A. Tan
Writers



# LOVE, EDUCATION AND POVERTY (VALENTINE RUMINATIONS)

Dr. Jaime Aristotle B. Alip
CARD MRI Founder and Chairman Emeritus

There are many reasons to celebrate this month. February 14, of course, is Valentine's Day. I am also praying that the IATF will brighten our hearts on February 14, when it announces the updated alert levels in light of the decline in COVID-19 infections.

There is another reason to celebrate February 14. It is the 22nd anniversary of the CARD-MRI Development Institute (CMDI), a globally-recognized learning institution grown from our humble corner of the world, Laguna.

CMDI began as the training unit for personnel of the Center for Agriculture and Rural Development (CARD). As CARD grew into several mutually-reinforcing institutions (MRIs), our capacity-building needs also became more complex.

Our clients suffer many forms of deprivation and their needs go beyond microfinance. Providing them with funds for livelihood is good, but more is needed. Thus, we established the CARD Training Center in 2000 in Barangay Tranca, Bay, Laguna. In there, we trained not just our staff, but our clients. Later on, other organizations also approached us for their training needs. And this is how our training unit evolved into the CMDI: a learning resources network that provides an array of practitioner-led training and education services, with facilities in Baguio, Pasay, and Masbate, as well as a campus in Tagum, Davao.

As of December 2021, CMDI has trained 1,570,848 clients under its Credit with Education (CwE) program. To help break the intergenerational cycle of poverty, CMDI now offers affordable education to clients and their children. It offers Senior High School, TESDA-accredited courses, and baccalaureate programs. CMDI has granted more than 15,000 educational scholarships to poor and deserving students.

**Why focus on education?**

Education is crucial because it directly correlates with many solutions to poverty. It is also the highest aspirations of our clients. To poor parents, sending their children to school is the greatest act of love.

Many Filipinos lack access to education. According to DepEd, more than 3 million were not able to enroll last year, while the latest PSA data (2017) show that we have 3.53 million out-of-school youth.

CMDI, then, is our humble contribution to filling this educational gap. And because February is the month of love, let me end with this quote from Brazilian educator and philosopher Paulo Freire: "Education is an act of love, thus, an act of courage."

We are courageous in our love.

To read more, visit https://www.cardmri.com/?p=4372



*Patuloy na nagsusumikap si Cristina sa kanyang frozen meat business lalo't higit sa pagharap sa pandemya upang maibigay ang pangangailangan ng kanyang pamilya.*

KWENTONG TAGUMPAY

# PAMILYA'T TAHANAN

*ni Victor Angelo Aranza*

Ang pagkakaroon ng isang maayos na tahanan ay isa sa mga magbibigay ng katiyakan para sa isang pamilya. Para kay Ma. Cristina Baniqued, ang isa sa mga bagay na kailangan niyang ipundar sa pagsali bilang miyembro sa CARD MRI ay ang masisilungang bahay.

Bilang isang ina mula sa Alaminos City, Pangasinan, palaging iniisip ni Cristina ang kapakanan ng kanyang pamilya. Ang kaisipang ito ang nag-udyok sa kanya upang sumali sa CARD, Inc. (A Microfinance NGO).

Labis na hinangaan ni Cristina ang abot-kayang mga produkto ng institusyon.

Bilang isang ina, namuhunan agad siya sa pagbibigay ng seguro sa kaniyang pamilya upang makapaghanda sa hinaharap. Nag-avail din siya ng *business loan* na ginamit niya sa pagbebenta ng *frozen products*. Naging mahusay ang takbo ng kanyang negosyo. Sinimulan din niya ang kaniyang negosyong babuyan.

Bukod pa rito, napaayos din niya ang sira-sirang bubong ng kanilang tahanan. Ang dating bubong na puno ng mga butas ay napalitan ng bago.

Mula sa CARD, Inc., inilipat siya sa CARD Bank upang ma-akses ang mas maraming pampinansyal na produkto. Bilang kliyente sa loob ng halos limang taon, nagpapasalamat siya sa CARD sapagkat mas humusay siya sa pangangasiwa sa mga gastusin ng kanyang pamilya at nakapamuhunan nang tama para sa mas mahusay na hinaharap ng kanyang pamilya.